# Bagong pag-asikaso kaugnay sa period of validity ng Certificate of Eligibility

Hunyo 22, 2022
出入国在留管理庁
Immigration Services Agency of Japan

## Patakaran sa pag-asikaso

- Bilang konsiderasyon sa mga dayuhang nasyonal na naantala ang pagpunta sa Japan dahil sa epekto ng pandemya ng COVID-19, ang Immigration Services Agency of Japan ay nagpapatupad ng mga espesyal na hakbang upang pahabain ang period of validity ng Certificate of Eligibility ("Certificate" mula rito) na kinakailangan para sa clearance sa imigrasyon.
- Dahil sa kasalukuyang sitwasyon, **ang Immigration Services Agency of Japan ay magpapatupad ng mga hakbang upang muling pahabain ang period of validity ng Certificate** (sumangguni sa "Bagong pag-asikaso" sa ibaba). Bukod dito, ang mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Agosto 1, 2022 ay may bisa sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa ng pag-isyu.

* **Ang Certificate ay isang dokumento upang patunayan na sapat na natutugunan ang mga kondisyon upang makapasok sa bansa noong panahon ng pag-isyu nito. Ang labis na pagpapahaba ng period of validity ng nasabing dokumento ay maaaring makadagdag sa posibilidad ng pagbabago sa sitwasyon sa pagitan ng panahon ng pagpasok sa bansa at sa panahon ng pag-isyu ng Certificate. Samakatuwid, ang period of validity ng Certificate ay hindi na maaaring pahabain nang higit sa bawat panahong nakasaad sa ibaba. Gayunpaman, para sa mga aplikasyon para sa mga Certificate na isusumite hanggang Enero 31, 2023 na walang pagbabago mula sa nakaraang aplikasyon, isang bagong Certificate ang madaliang iisyu, bilang panuntunan, sa pagsumite ng aplikante ng (1) dating inisyu na Certificate (orihinal o kopya) at (2) pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon, atbp. Mangyaring tumingin dito para sa mga detalye.**

| Nakaraang pag-asikaso | Bagong pag-asikaso |
|---|---|
| [1] Naaangkop na mga status of residence<br>Lahat ng status of residence kung saan maaaring mag-isyu ng Certificate of Eligibility | [1] Naaangkop na mga status of residence<br>Lahat ng status of residence kung saan maaaring mag-isyu ng Certificate of Eligibility |
| [2] Naaangkop na mga rehiyon<br>Lahat ng mga bansa at rehiyon | [2] Naaangkop na mga rehiyon<br>Lahat ng mga bansa at rehiyon |
| [3] Naaangkop na mga Certificate of Eligibility<br>Mga inisyu mula noong Enero 1, 2020 | [3] Naaangkop na mga Certificate of Eligibility<br>Mga inisyu mula noong Enero 1, 2020 |
| [4] Panahon na ituturing bilang may bisa<br>・Mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Enero 1, 2020 hanggang Enero 31, 2022<br>→ **Hanggang Hulyo 31, 2022**<br>・Mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Pebrero 1, 2022 hanggang Hulyo 31, 2022<br>→ **May bisa sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng pag-isyu** | [4] Panahon na ituturing bilang may bisa<br>・**Mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Enero 1, 2020 hanggang Abril 30, 2022**<br>→ **Hanggang Oktubre 31, 2022**<br>・**Mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Mayo 1, 2022 hanggang Hulyo 31, 2022**<br>→ **May bisa sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng pag-isyu** |
| [5] Mga kondisyon upang turiing may bisa<br>Kapag nagsumite ng dokumento na nakasaad na ang tumatanggap na organisasyon, atbp. "ay posible na patuloy tanggapin ang dayuhang nasyonal na may parehong aktibidad tulad noong panahon na nag-aplay para sa Certificate of Eligibility" sa panahon ng pag-aplay para sa visa sa misyong diplomatiko.<br>Halimbawa ng format <Para sa mga status of residence sa Lakip na Talahanayan 1 (hal: Engineer/Specialist in humanities/International services, Student atbp.)><br>Halimbawa ng format <Para sa mga status of residence sa Lakip na Talahanayan 2 (hal: Spouse or child of Japanese national, Long-term resident atbp.)><br>*Mangyaring muling isumite ang dokumento sa itaas kung tatlong buwan ang lumipas mula sa pag-aplay para sa visa. | [5] Mga kondisyon upang turiing may bisa<br>Kapag nagsumite ng dokumento na nakasaad na ang tumatanggap na organisasyon, atbp. "ay posible na patuloy na tanggapin ang dayuhang nasyonal na may parehong aktibidad tulad noong panahon na nag-aplay para sa Certificate of Eligibility" sa panahon ng pag-aplay para sa visa sa misyong diplomatiko.<br>Kalakip na format <Para sa mga status of residence sa Lakip na Talahanayan 1 (hal., Engineer/Specialist in humanities/International services, Student, atbp.)><br>Kalakip na format <Para sa mga status of residence sa Lakip na Talahanayan 2 (hal., Spouse or child of Japanese national, Long-term resident, etc.)><br>*Mangyaring muling isumite ang dokumento sa itaas kung tatlong buwan ang lumipas mula sa pag-aplay para sa visa. |